

KUNG IKAW AY MANGGAGAWANG EVS, KARAPATAN MO ANG MALAMAN:

- Kung pumapasok kayo sa kwarto na may suspetsado (PUI) o kumpirmadong COVID-19 na pasyente
- Kung pumapasok kayo sa kwarto kung saan ang isang PUI o kumpirmadong COVID-19 na pasyente ay na-diskarga
- Kung papaano pinapahangin ng ospital ang mga kwarto, at gaano katagal bago mawala ang mga pathogen sa ere
- Anong PPE ang ginagamit ng mga nars at iba pang tagapag-alaga, kung naaiba sa EVS
- Kung papaano ang tamang paggamit ng mga disinfecting products ng ospital, at kung papaano ang wastong paghawan ng mga basura at labahin.

Pagpapatiling ligtas habang naglilinis ng mga kwarto ng mga COVID-19 pasyente o mga suspetsadong pasyente (PUI)

- Kinakailangang lagyan ng malinaw na mga sign ang ospital, sa iba-ibang wika, sa labas ng kwarto ng PUI o kumpirmadong COVID-19 na pasyente.
- Ang mga manggagawang EVS ay hindi dapat naglilinis araw-araw, o magpunta sa mga kwarto ng pasyente bago ma diskarga ang mga pasyente o bago wastong mapahangin ang kwarto. Ang mga staff na nars ang kailangang maggawa ng pang-araw-araw na paglilinis.
- Kung sinabihan kayong pumasok sa kwarto habang isang PUI o COVID-19 na pasyente ay nasa loob pa, o bago mapahangin ng wasto ang kwarto, kailangang bigyan kayo ng N95 mask, o parehong PPE ng mga nars o ibang tagapag-alaga man lamang.
- Kausapin ninyo ang mga nars at ibang tagapag-alaga para maintindihan kung anong PPE ang ginagamit nila, at anong PPE ang kanilang ipinaglalaban para makamit. Sama-sama kayong pwedeng mag-puwersa sa ospital na bigyan ang lahat ng mga manggagawa ng pinakamainam at posibleng proteksyon.
- Kahit na pag hindi naglilinis ng kwarto, kailangang bigyan kayo ng surgical mask para maisuot sa inyong buong shift. Makakapigil ito sa paghawa ng mga manggagawa sa isa't-isa.



Gaano katagal ko kailangang maghintay bago pumasok sa kwarto ng isang COVID-19 pasyente para sa terminal cleaning?

Hintayin na mapahangin ng wasto ang kwarto bago pumasok. Sa isang karaniwang treatment room, kinakailangan ang 69 minuto para maalis ang virus sa ere, bago kayo ligtas na makapasok. Sa ibang mga kwarto, marahil ito ay hindi kailangang ganito katagal.

Kumausap sa inyong steward o NUHW organizer kung palagay ninyo ay hindi kayo binibigyan ng sapat na oras.

Kapag pumasok kayo sa kwarto matapos maghintay, kailangan ninyong magsuot ng surgical mask, gown, at gloves.

Paano kung ang kwarto ay may suspektadong COVID-19 (PUI)?

Sundan ang parehong mga hakbang sa pagtrato ng pasyente na positibo sa COVID-19.

Kung ang ospital ay inutusan kayo o katrabaho ninyo na gumawa ng trabaho na sa paniwala ninyo ay mapanganib sa inyo o delikado sa kaligtasan ng iba, kausapin ang inyong NUHW organizer.



Ano naman sa mga produktong panglilis?

Ang mga ospital ay kailangang gumamit ng mga produktong nakarehistro sa U.S. Environmental Protection Agency (EPA) para mapatay ang virus, at magbigay ng mga instruction at training sa kanilang wastong paggamit.

BABALA: Ang iba sa mga produkto ay maaring magpahika/ magpalala ng hika. Kung ika'y inuubo, namumula ang mga mata, naghisingalo, bumabahin, o tumutulo ang ilong kapag gumagamit ng bagong produkto, sabihin kaagad sa inyong manager at NUHW organizer.



Paano ko wasto at ligtas na aasikasuhin ang basura o labahin?

Basta mayroon kayong wastong PPE (surgical mask, gown, at gloves para sa terminal cleaning man lamang), hindi mo kailangan nang karagdagang pag-ingat sa pag asikaso ng basura.

Ang ospital ay kailangang may mga special rule para sa labahin galing sa isolation rooms - sundan ang mga patakarang ito para sa labahin mula sa PUIs at kumpirmadong COVID-19 na pasyente.

Ang mga manggagawa sa linen room ay kailangang bigyan ng gloves at surgical mask man lamang.